


HIV NO MORE as the Las Pinas Scouts unveil the causes and effects of the illness on the sticks (JUSTER MARC ECHIPARE)


# BOROTOY'S JAMBO JOURNAL

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE 17TH NATIONAL SCOUT JAMBOREE
BOY SCOUTS OF THE PHILIPPINES 2019 EDITION ISSUE 5 | DECEMBER 06, 2019


## Community Village advocates HIV awareness on scouts

by Roger Enciso

"We believe that the youths have something to contribute in order to prevent this virus."

These were the exact words of Juana F. Lampaya of Bulacan Council, Team Leader of the Human Immunodeficiency Virus (HIV) Pick-up Sticks as they gave awareness to the 17th National Jamboree Scouts yesterday at Camp Kainomayan Botolan, Zambales.

"Diba lagi nating nire-recite 'yong Scouts Law and duties to be reminded of to God, country, and self. We related it to HIV para ma-remind tayo na as Scouts, napakalaki ng kanilang papel," Lampaya said.

According to her, through their duties to others, the can spread their learning and insights regarding HIV in order to lessen the continuous spread of the virus in the country because they serve as the examples.

In a separate interview to Rexly Ricardo, Las Piñas City Scout, he said that as a Boy Scout of the Philippines we should use social media as a vital tool to inform others. By being good models  to everyone, we can save lives.

"Prevention is better than cure because once it enters your body, you have nothing to but regret," Ricardo added explaining his certainty to his fellow Scouts.

Explaining the causes and effects of the illness indicated on the sticks, the activity ended with a group explanation of their roles to stop HIV.



Photo taken by Gellen Enap

## Pasiklaban sa pagtatanghal aantabayanan sa Grand Campfire

by Dan Reyven Mendigorin and Lee John Ng

Nagpakitang gilas ang mga Iskawts ng 17th National Scout Jamboree mula sa Luzon, Visayas at Mindanao sa ginanap na Cultural Night kung saan ang mga mapipiling kinatawan mula sa iba't-ibang pulo ay muling ipakikilala ang kani-kanilang kultura sa magaganap na Grand Campfire sa Dis. 6 ng gabi.

Sa mga naunang pagtatanghal, itinampok sa madla, ang "talipi" ng Botolan mula sa Ramon Magsaysay Council kung saan ibinida nila ang iba't-ibang mga sayaw na hango sa mga hayop at insekto tulad ng paru-paro, andirit (tutubi), lawin, lamok, pahinga (palaka) at unggoy na mas ipinalawig ang pagpapahalaga sa kultura ng mga taga-Luzon.

Samantala, ipinagmalaki rin ng mga taga- Visayas ang kanilang "kuradang dance" mula sa Bohol Council na ang ibig sabihin ay "overdressed".

PAGE 4

## Drug Awareness, isinulong sa 17th NSJ

by Ara Joy Baluyot at Hannah Gernale

Binigyang diin sa 17th National Scout Jamboree ang kahalagahan ng  sapat na kaalaman ukol sa "Drug Substance and Abuse" bilang isa sa mga substations ng Community Village.

Alinsunod sa temang "Saving Lives", layunin ng talakayan na maghatid ng impormasyon sa mga kabataan patungkol sa sanhi at mga epekto ng pang-aabuso sa droga at sugpuin ang malaking bilang nito sa bansa.

Kaugnay nito, ilan sa mga halimbawa kung bakit napakaraming humahantong na mga kabataan sa pang-aabusong ito ay ang pag-e-eksperimento at pakikisabay sa uso ng mga ito na nagdudulot naman ng maraming epekto sa katawan tulad ng iba't-ibang komplikasyon at karamdaman.

"Marami nang nasawing Pilipino dahil diyan, kung kaya't we believe that through this module na ginawa ng 17th National Scout Jamboree ay talagang makatutulong to change the world, the community and to give opportunity to all to somehow learn and at the same time they will have fun." Ani Raymund Ascabano ng Zamboanga City Council, facilitator ng nasabing module.

## Scouts display gratitude, offer tokens to volunteers

by Krizza B. Diñoso

Kindness begets kindness.


Dagupan City Council Jamboree participants offered their token of appreciation to Paudpod Elementary School, Dec. 4.

As part of the pre-emptive evacuation in response to the threat brought by the typhoon Tisoy, Paudpod Elementary School, Botolan, Zambales headed by Marni Rapada, Head Teacher II, accommodated 110 Dagupan Council participants in the 17th National Scout Jamboree last December 3, 2019. According to Catherine Gardose, teacher from Paudpod Elementary School, the said council had given them shoes, clothes and reading materials before heading to Camp Kainomayan, Botolan, Zambales to continue with the activities on December 4, 2019 after their overnight stay in the said school.

Furthermore, sweet treats were also left by the East Central Integrated School of Dagupan City Council in one of the rooms of PES along with a note in the chalk board saying " Balbeg ya Salamat, Inataro Mi Kayo" (Maraming Salamat, Mahal namin Kayo"

"Thankful po dahil malaking tulong sa mga bata lalo na yong mga reading books", quipped Gardose on the Council's act of generosity.

# *SCOUTING:* STILL WITHOUT VERGES




Scouts are friendly, and everyone loves it when they spread like so charismatic. Also, living in a fast-changing generation and welcoming through, gender identity and sexual orientation is the best motif to find out how the gender expressions, sensitivity, and sexual rights work or occur in a place of large gathering like the 17th National Scout Jamboree.

Scout will always be a scout, sole purpose doesn't change and disregarding the gender concept in the real essence of camping will be a violation.

However, our Scouts are keen to show and do positives to this sensitive topic. Both sides need an adjustment for living in a week long camping, hence, discrimination is a really serious incident to avoid. We should always remember that scouting is an avenue to establish camaraderie, and character for each one of them, and sexual minority shouldn't remain difficult for our fellow LGBT (Lesbian, Gay, Bisexual and Transgender) Scouts.

We have no long way to go if we do the talks with them in order to make them feel discriminated, outcasted and just a participant living in a nutshell. Scouts, themselves, must apply or be the role to show humanity across the National Jamboree and beyond. Our Scouts might be the hand for the bond with the two, hands to handle, unfolded and afford the excellency so, they can manage it by themselves.

Rampant gender inequality results nothing, and the spirits of Scouting is being put on a place where it shouldn't be because of gender conversations. Scouts have the resource to cure imbalance honor between— a priceless deed of a Scout that can make them a better being. We should spread love and accept each other for what we are, whatever stimulus we're in. Attending a jamboree is real, but promoting equality is an essential forge to hand peace in Scouting activities. And that's the process that could we have and bloom anytime, without no end in every hearts of us. We must remember that in Scouting, we are all equal, brothers and sisters, working hand in hand for a better world.

## *Good Morning the Boy Scouts Way*

EMBLAZE

GINALYN EDPALIN

*next time they say good morning, they're uttering more than the greeting.*

Are you having good mornings recently?

If not, then ask the Scouts, how to perfectly achieve it with smile and genuine positivity.

Good morning! For us, common people, this just depicts a usual greeting we utter in the morning, but a new version of it is depicted by the Scouts, as it portrays the life they have to live as persons being trained to be leaders ready to serve for the benefit of others.

Synthesizing the symbolic greeting, Boy Scouts of the Philippines (BSP) is just becoming firm and consistent of their aim to instill to these young people the values of physical strength, mental awareness and moral uprightness that they need in realizing the said chief goal Scouting aims, that is to produce responsible citizens and capable leaders of our society.

With the hope every morning brings, the greeting through the Scouts teaches everyone to be optimistic at all times regardless of what one is going through. This they always display whenever in a task, in which despite difficulties, they still manage to stand and express strength amidst adversities. This they also displayed on the coming of Typhoon Tisoy recently this week.

Whenever they say good morning, they manifest themselves as humans molded to be strong to serve as role models to those in need of strength. This corresponds to their motto 'Laging Handa", so they could easily respond to fellows' needs and serve them.

Positive as the greetings, the Scouts are no wonder symbols of 21st century learners the world is aiming to have amidst the fast-pacing society. This can be best attested by the BSP's ideals and teachings that aim to develop them holistically the same way educators would want them to be.

So, next time they say good morning, they're uttering more than the greeting. They express their hearts and what they want us all to be.

## *Isang pagsaludo sa BSP Kapatiran ng Iskawting ng Pilipinas*

*Sa lawak ng mundo ng kapatirang ito, walang iskawt ang mag-iisa kailanman.*

ILLUMINATE

JAYSON NALICAT

Hindi masusukat o matitimbang sa dugo ang pagkakapatiran kundi sa pagakap sa katotohanang ang bawat isa ay kailangan ng kasama at kailanmay 'di kayang mapag-isa.

Ang samahang binigkis ng tiwala, pagkakaisa, pag-uunawaan at pagdadamayan ay higit pa sa pagiging magkadugo ang maaaring basehan. Anupa't maari ngang makatisod ng katuwang, kakampi, kaibigan at kapatid sa mga pagkakataong ang pagkakaiba-iba ay hindi na kinikilala at ang bawat kahinaan ay hindi na tinitingnang kakulangan.

Ang pagkilala sa katauhan ng isang kaibigan ay pamantayang mag-uugat ng pagtanggap, susubukin ng panahon upang umunlad at nang sa huli ay ganap na maging matatag na samahang may pinanghahawakang tiwala sa isa't-isa. Iyan mismo ang katuturan ng iskawting.

Sa pagiging kapatid mo sa kapwa mo, kalakip nito ang seguridad na may aakay sa'yo sa ano mang hamon ng panahon.

Matatandaang sa Scout sign kung saan ang hintuturo ay kinakatawan ang responsibilidad sa sarili, ang gitnang daliri ay ang responsibilidad sa Diyos at sa bayan samantalang ang palasinsingan ay responsibilidad sa kapwa na pinabuklod naman ng hinliit at hinlalaki na siyang simbolo naman ng pagkakapatiran. Itoy ganap namang nililinang sa pamamagitan ng citizenship training at character building.

Ang kapatiran ng Iskawting ng Pilipinas ay samahang hinuhubog mula sa bubot na isipan upang gawing salalayan ng maunlad na bansa na walang nais kundi palaguin ang kakayahan ng bawat isa.

Samantalang ang mismong Scout Salute ay ang pagpapakilala sa pagiging Iskawt saan mang panig ng mundo.

Saganang akin, sa lawak ng mundo ng kapatirang ito, walang iskawt ang mag-iisa kailanman.

**BOROTOY'S Editorial Board**
*Consultant:* BSP National Office / David Dominic Lanuza/ Maria Domitela Mora / Majalia Dolandolan Dial / Emily D. Mayor
*Chief Editors:* Jayson J. Nalicat / Ginalyn F. Edpalin
*News Editor:* Krizza B. Dinoso/ Jeff Aaron D. Reytomas / Juvy C. Deliquina/ Jethro Ray A.Ticong
*Feature Editor:* Marc Jay R. Duque / John Spencer D. Arlega
*Layout Artist:* Angela Kristine Q. Cabal / Randell Echon / Emmanuel F. Pangilinan
*Writers:* Roger Enciso / Fatima Edra / Juster Marc Echipare / Andrei F. Pangilinan / Ara Joy Baluyot / Dan Reyven Mendigorin / Gellen Enap / Lee John Ng / Janesa Joy Dullas / Hannah Lee Gernale / Ryan Cabusao / Jhonley Paul Quilalang / Rachel Loreign D. Panes / Marielle Castrence / Joseph Clyde Famularcano / Irish Jan Cabalar / Juliana Marie Macaalay

# NANG BUMABA ANG MGA BITUIN MULA SA LANGIT

by John Spencer D. Arlega

Nasisilayan ang kinang ng mga bituin sa kalangitan sa kalagitnaang ng kadiliman ng gabi, Ang mga mumunting ilaw na ito ang nagsisilbing tanglaw na siyang gabay ng sinumang napaparang, napapagal at dumaraan sa pinakamabibigat na pagsubok ng kani-kanilang buhay. Naging daan ang 17th National Scout Jamboree upang mapatunayan na ang mga bituin ay hindi lamang sa langit matatagpuan, bagkus, sila ay maaari ring nasa katauhan ng makabagong simbolo ng kabayanihan na tumayong "ilaw" sa pinakamasalimuot na gabi ng kanilang mga karanasan. Sila ang kumakatawan sa 3 bituin sa ating watawat, mga ordinaryong iskawt na may natatanging kuwento ng pagtindig at pagbangon mula sa kinahaharap na unos. Maaaring ang kanilang istorya ay hindi nabibigyang pansin ng nakararami, ngunit tulad ng mga bituin, walang anuman o sinuman ang makapipigil sa kanilang pagningning.

## *CHELSEA, ang "Tindig – Star" ng Luzon*

"Kasi pag nag-give up ka, 'pag nawala 'yong hope mo, isipin mo, parang ginive up mo na rin 'yong council mo, kasi dapat tumindig ka hindi lang para sa sarili, dapat para sa lahat", ani ni Chelsea Louise A. San Juan, 14 taong gulang at kaisa – isang babaeng iskawt mula Catanduanes Council.

"Una, dapat lagi kang handa sa mga nangyayari", karagdagang pahayag nito habang ikinukwento ang mga pangyayari sa nakalipas na gabi ng malalakas na hangin at pabugso – bugsong ulan dala ng Bagyong Tisoy. Gayunpaman, hindi ito ininda ni Chelsea, nanatili pa rin ito sa kanilang campsite para tumulong sa kanyang mga troop leaders.



## *VINCE, ang "Brave Star" ng Visayas*

"Be brave, 'wag kayong magpapatinag sa kahit ano pa man. We are Scouts. It is one of the twelve points of the Scout Law," paglalahad ni Vince Lawrence Estrellan, 14 taong gulang mula Dao Capiz na tulad ni Chelsea ay nanatili sa campsite upang tumulong sa kasamahan.

Mababakas sa batang ito ang kanyang pinagdaanan, ngunit buong tapang niyang sinuong at ngayon siya ay nakatayo, bilang hudyat ng pagbangon mula sa Bagyong Tisoy.

## *JADE, ang "Positive Star" ng Mindanao*

"Matatapos rin ito, magkakaroon ng panibagong bukas", ito ang positibong pananaw ni Jade Cadudut, 17 taong gulang ng Surigao Del Norte.

Si Jade ay nag-iisang iskawt na nagdesisyong maiwan at hindi lumikas sa evacuation center.

"Hindi ko sila iiwan, tutulong ako", matibay nitong pahayag tanda na kaya niyang magsakripisyo dahil sa paniniwala sa magandang resulta ng kaniyang aksyon.

Talaga ngang masusubok ang ating katatagan, katapangan at paniniwala sa bawat suliraning ating kinakaharap sa buhay. Tulad nila Chelsea, Vince at Jade, tatlong magkakalayong bituin, hindi magkakakilala, hindi magkakapiling ngunit nasa puso ang tunay na dahilan ng pagiging iskawt. Isa ito sa mga kagandahan ng iskawting, binubuhay ang tinatagong "kislap" sa bawat iskawt na nagsisilbing bituin ng kanilang pinagmulan maging gaano man kaliit o kalaki ang problemang kinakaharap.



Photo taken by Marc Jay Duque

# *Promdi Goals ng* ISKAWTS NG MAYNILA

by Marc Jay R. Duque / Gellen R. Enap

Papasok, uuwi, magpapahinga, papasok ulit. Sa ganyang paraan ginugugol ng mga Iskawts mula sa Manila West Council ang kanilang ordinaryong araw. Kaya naman nang magkaroon ng pagkakataong makasama sa 17th National Scout Jamboree, tumatalon sa saya ang kanilang mga puso at hindi na mahintay ang araw na sila ay makarating sa isang paraiso, ang bayan ng Botolan.

"Bago po kami pumunta ng jamboree, nagkaroon muna ng check-up para malaman kung handa ang katawan naming," pahayag ni Iskawt Steve Asher P. Valdevioso.

Hindi pwedeng magkasakit upang maranasan ang kakaibang galak na hatid ng mga karanasang naghihintay sa kanya.

"Dito namin nasubukan ang maligo sa ilog na hindi pa namin nagagawa sa Maynila." dagdag ni Iskawt Gabriel L. Gallana.

Bukod sa mga turo ng Iskawts, magiging bahagi na rin ng kanilang pagkabata ang makaranas ng mga bagay na maaaring minsan lamang mangyari. Bukod sa lamig ng dumadaloy na tubig, masasayang kuwentuhan ang kanilang inimpok na muli't muli ay sasagi sa kanilang isipan habang sila'y lumalaki.

Samantalang ninamnam naman ni Iskawt Niño Fritzz Gerald P. Pascual ang mga obstacle course na sa gitna ng putikan at laro man sa unang tingin, disiplina naman ng bawat Iskawt ang hinahasa. Bawat gulong, bawat akyat, ay mga hakbang tungo sa kanilang ikauunlad.

"Mga disiplinadong Iskawts na po kaming uuwi ng Maynila." dagdag pa ni Iskawt Carl Jacob P. Gervacio. Masasabi ngang disiplina ang isa sa pinakamahalagang natutunan ng mga dumalo sa jamboree. Ito ang mga 'goals' ng iskawts na sa murang edad ay isang 'squad' ng mga panibagong lider ng bayan.

Sa panapos ni Iskawt Jay Mark V. Saligumba, kanyang sinabi na isa itong karanasasang uulit-ulitin niyang ikikwento hanggang ang kanilang goals ay maging hangad din ng ibang batang tulad niya. Tunay nga na ang alaalang isinisilid sa puso ay madaling matandaan ng isipan.

# **KUNLAT:** *Indak ng Mandirigmang Badjao*

by Gellen Enap and Ara Joy Baluyot



Photo taken by Gellen Enap

Malayong isla. Dulo ng Pilipinas. Tagong hiyas ng arkipelago. Ito ang madalas na paglalarawan sa kanilang pinanggalingan. Liksi at lakas ng loob ang naging sandata ng mga Iskawts mula sa Tawi Tawi Council upang maipamalas ang kanilang natatanging talento at kulturang kinagisnan.

Binigyang imahe ng mga Badjao o Tausug na iskawts ang mayamang kultura nila na tila isang bulaklak na pinatingkad ang ganda sa buong entablado ng 17th National Scout Jamboree matapos ang ginanap na Visayas at Mindanao Cultural Dance Night. Ang pagkakaisa ng kanilang samahan ang nagpahalimuyak sa kanilang pagtatanghal. Ilan sa mga ipinakita nilang sayaw na sumasalamin sa kanilang kultura na nakaugnay sa temang "Saving Lives" ay ang kuntaw, isang katutubong sayaw ng mga Tausug sa paraan ng martial arts. Ito ay isang pagpapamalas ng kakayahan ng mga kalalakihan gaya ng karate na walang ginagamit na patalim upang maprotektahan ang kanilang pamilya, kasalungat ang katutubong sayaw na Silat na gumagamit naman ng dahas at patalim.

Bukod pa dito, ang tradisyunal na kasuotang lalong nagpaiba ng kanilang pagtatanghal ay ang pagiging malikhain nila na nagbigay-kulay sa bawat galaw ng kanilang katawan at sumabay sa ritmo ng musikang nagbibigay aliw sa bawat manonood. Ang lapih o ang pantaas na kasuotan ng lalaki at kuput sa pambaba, ang suklob sa ulo na sambong o tarong ang lalong nagpakinang ng kanilang pagkakakilanlan. Ang instrumeto na kanilang ginamit upang magkaroon ng buhay at sigla ang kabuuang pagtatanghal ay ang kulintang at gabbang (bamboo).

Sa pagbalik sa kanilang kinagisnan, babaunin nila ang matatamis na ngiti kasabay ng palakpakang naging tanda ng kanilang matagumpay na pagkukuwento sa libo libong Iskawts. "Yung pagiging perseverance, dahil sa kabila ng pagiging malayo namin, nandito pa rin kami at nabigyan ng pagkakatong ibahagi ang mga sayaw na sumasalamin sa aming kultura" pangwakas ni Rodinante E. Regada, Tawi-Tawi scouter.

BOROTOY'S JAMBO JOURNAL
The Official Newsletter of 17th National Scout Jamboree
ISSUE 5 | December 06, 2019

## Scouting and the Benefits of Camping

by Scout Leader Francis C. Reyes

Scouting is one of the nation's greatest and important character factory. Character can be improved not just in the four corners of a classroom but also through camping and taking part to outdoor activities in order to practice resilience, kindness, common sense and independence of mind. It is through experiencing the outdoors, discovering adventures in out wild spaces and being with the nature that Scouts really learn and grow.

Marks the 8th day of the 17th National Scout Jamboree. It is a week-long camping scheduled from December 1, 2019, Sunday to December 6, 2019, Friday, that will take place in Botolan, Zambales. Aside from beaches with volcanic sand, stunning lagoons, unspoiled islands and mountains it also has a lot of open spaces ideal for camping activities for the Scouts.

For sure, after the 17th National Scout Jamboree, I can say that all camping activities really do have a lot of benefits for the Scouts. Camping contributes to good health, it help campers develop self- reliance and resourcefulness, and enhances spiritual growth. Camping contributes to social development and discipline. Camping also unplug Scouts from technology. When Scouts take a break from television, mobile phones and the internet, they will rediscover their creative powers and engage in the real world, real people, real activities, real adventures and real emotions. They will realize that there are always plenty to develop social skills and experience nature. Through camping, scouts conquer their fears and try new things.

## BOTOLAN: *A Zero Waste Community*

by Jhonley Paul D. Quilalang and Jethro Ticong

"We are what we do in the environment"

The conduct of mass cleaning in the Municipality of Botolan is perhaps one of the best practices done by most of our fellow Botolenos who keep our surrounding solemn and free from man-made wastes.

Since time immemorial, the citizens of Botolan have been practicing a primal law or they called traditional-indigenous way of living where they are into using their bare hands when they eat. Bamboo pipes that serve as their plate and other kitchen wares.

The invoked policy was patent by its honorable mayor, Bing Maniquiz. Banning of solid wastes, mostly plastic made materials have an impact not only to our environment but also to our province.

In compliance to Republic Act 9003 Act of 2000 "Gearing up for the 17th National Scout Jamboree, the whole celebration platform is engaged for "no-plastic" consumption."

Eco-friendly kitchen utensils viz. chopsticks instead of disposable spoons and forks, paper meal box instead of styro-plate box and

As the policy and regularity reached its effectivity, diverse complaints and comments were mouthed by many. Or else, better tactic has to happen. All the remaining wastes that will be collected must be transferred into the Material Recovery Facility (MRF) to come up with new products. Regardless to the complaints of many, policy will run fully on and off the camp site. However, the drop-ins will or any can still use utensils but manage properly.

All in all, we all want a free-waste environment, zero disposal mismanagement, and an eco-friendly community.



Photo taken by Juster Marc Echipare

## BOROTOYS LINGO

by Andrei Pangilinan

Iskawts, ang mga salitang ito ay ang iba't-ibang direksyon sa diyalekto ng aming angkang Sambal-Botolan. Ito ay ginagamit upang ituro ang lokasyon ng isang lugar.

***Baytan*** **(East)**
***Baba*** **(West)**
***Mayanan*** **(North)**
***Bagatan*** **(South)**

## *When a Mindanaoan* SPEAKS FOR ZAMBALES

by Ginalyn Edpalin

"Alalaala, ito ang babaunin namin sa pag-uwi sa Mindanao."

Ernesto Bernardo, Council Executive of Maguindanao-Cotabato City Council spoke of his impression on his stay in Zambales, which for him has been memorable with the inevitable strike of Typhoon Tisoy just this week that he perceives with great optimism, for the varied opportunities it has brought each of them.

Best of these is their delegation's appreciation of the host province, Zambales.

"Hangang hanga ako sa ganda ng Zambales," Bernardo expressed with the admiration to the province that for him is depicted well by its people's beautiful soul for its prevailing hospitality, enhancing more its beautiful place. Best example he said is the warm welcome its leaders manifest to the thousands of the scouts from all over the country who are currently sojourned at Camp Kainomayan, Botolan for this year's National Boy Scout Jamboree.

With the province's geography that's perfect for all kinds of tourist destinations, Zambales becomes one of the best for him that he said is also a perfect jump-off to the prominent tourist spots of Luzon in Pangasinan and Baguio.

"Di mapipigilan ng bagyo ang katuwaan naming mapunta rito," he still said, explaining that to make a Mindanaoan reach a beautiful place like this one is such a great once in a lifetime opportunity, worthy to be treasured due to the distance one must consider, traveling from Mindanao to Luzon.

"It's an honor. Masaya kami rito, nag-enjoy kami."

Authentic of his feeling, he definitely depicted a lasting memory their delegation would speak of upon going back to Cotabato City.

## LGU Botolan Official FB Page inulan ng pasasalamat, kahandaan sa pagtama ng bagyong Tisoy, pinuri

by Mark Ronel M. Diñoso

Nagpahatid ng pasasalamat sa official facebook page ng lokal na pamahalaan ng Botolan ang mga netizens sa maagap nitong pagresponde sa tawag ng kaligtasan para sa mga delegado ng 17th National Scout Jamboree.

Ang "OneBotolan Magkamiha" ay palagiang nagbibigay impormasyon ukol sa mga kaganapan at kalagayan ng mga kalahok sa 17th National Scout Jamboree.

Mula sa mga isinagawang gawain bago pa magsimula ang pitong araw na encampment hanggang sa opisyal nitong pagsisimula, mga aktibidad na nilahukan ng mga Scouts noong unang araw hanggang sa mga pagpupulong na ginanap at pre-emptive evacuation ng mga Scouts patungo sa mga paaralan ng Botolan at Iba, Zambales bilang paghahanda sa banta ng bagyong Tisoy; ang lahat ng ito'y inanunsiyo rin sa nasabing account.

Pinuri ng mga magulang at kaanak ng mga kalahok mula sa iba't-ibang panig ng bansa ang kahandaan at pag-aasikaso ng bayan ng Botolan sa pamumuno ng Camp Chief at Mayor Doris Bing Maniquiz-Juresano sa mga delegado. Ilan lamang sa mga nagpaabot ng pagbati ay mga kaanak mula Catanduanes, Davao City, Laguna, Baguio City, Pangasinan, Isabela, Negros Occidental at iba pa.

"Thanks LGU Botolan headed by your beloved mayor for keeping our Scouts safe.", ayon kay Tess Valenzuela ng Dasol, Pangasinan

"Thank you mayor and the whole Botolan, Zambales community for a job well done.", pagbibigay pasalamat naman ni Criselda Luhan Bunaflor Bries, magulang ng Scout mula sa Negros Occidental.

Patunay ito na ang katagang ginagamit din ng lokal na pamahalaan na "laging handa" ay hindi mga salitang binitiwang walang laman.

*Pasiklaban sa pagtatanghal...from page 1*

Nakaiindak na musika at galaw naman ang inihain ng Davao City Council sa pagsayaw ng kanilang "Bagobo Dance" o "The rice cycle dance" para sa masaganang ani ng palay.

Kabilang din sa mga nagbigay sigla sa okasyon ang mga delegadong mula sa konseho ng Paranaque , Benguet, Mayon (Albay), Las Pinas, Aurora, Olongapo City, Camarines Sur, Quirino, Mountain Province, Metro Manila West, Tarlac, Metro Manila South, Baguio City, Sorsogon, at Ramon Magsaysay Council (Palauig District).

Natunghayan din ang katutubong sayaw na mula sa konseho ng Calbayog City, Zamboanga City, Tawi-Tawi City, Leyte, Negros Occidental, at Antique.

"Maipapakita namin ang aming kultura through Jamboree, sariling atin ito (kultura) we should be proud of it", saad ni Angelica Flor Campos, 17 taong gulang, mula sa Zamboanga City Council.

Kapanapanabik ang inaasahang magdamag na pagpapamalas ng talento ng bawat kinatawan ng mga pulo na gaganapin sa grand arena, Kamp Kainomayan, San Juan, Botolan, Zambales.